

PAGSIPAT AT PAGSUSURI SA LEKSIKOGRAPIYANG SAMBAL

Daryll Jim R. Angel, Angelyn L. Camacam, Shane G. Elico, Joana Marie M. Morano, Rosemarie Viray

President Ramon Magsaysay State University, Iba Zambales

ABSTRACT: Ang pag-aaral na ito ay may titulong Pagsipat sa Leksikograpiyang Sambal: Pag-ambag at Pagsusuri ng Wikang Sambal sa Pagpapaunlad ng Wikang Filipino. Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pangongolekta at pag-uuri ng mga magkakaibang salita sa dayalekto ng wikang Sambal na magkakaipareho ang kahulugan. Kwalitatibong metodolohiya ng pananaliksik ang ginamit at palarawan naman ang disenyo nito. Mayroong tatlumpong tagatugon sa pananaliksik na ito na mula sa mga piling bayan sa lalawigan ng Zambales. Mula sa mga nakalap na datos ay nabuo ang mga sumusunod na konklusyon. Ang mga tagatugon ay tipikal na mga babae na nabibilang sa edad na apatnapu pababa. Ang mga salita sa wikang Filipino ay mayroong katumbas na mga salita sa dayalektong Sambal-Sta. Cruz, Sambal-Tina, at Sambal-Botolan. Ang mga salita sa mga dayalekto ng wikang Sambal na magkakaipareho ang kahulugan ay maaaring mauri sa mga sumusunod: (1) Magkakaiba ang Anyo (2) Magkakaiba sa isa o dalawang ponema (3) Magkakaiparehong anyo (4) Magkakaiparehong anyo sa ilang salita at (5) Magkakaibang anyo sa ilang salita. Nararapat na maging malay ang mga lokal na residente sa pagsasalita ng dayalekto ng wikang Sambal upang maisaalang-alang ang pagkakaiba-iba ng mga salitang ginagamit sa isang partikular na lugar. Batay sa mga konklusyon ang mga sumusunod ay ang naging mungkahi ng mga mananaliksik. Mahalagang malaman ng mga lokal na residente kung paano nauuri ang dayalekto ng wikang Sambal upang maisaalang-alang ang paggamit ng mga ito. Magpalimbag ng mga sangguniang aklat katulad ng mga diksyunaryo at glosaryo upang makatulong na malaman ang mga katumbas na salita mula sa isang dayalekto tungo sa isa pang dayalekto ng wikang Sambal. Ipinapayong gamiting batayan ng mga mananaliksik sa lokal na wika ang pananaliksik na ito upang magsilbing sanggunian. Hinihikayat ang mga mananaliksik ng wika na magsagawa ng mga pananaliksik na mas malalim na sinusuri ang varyasyon ng mga dayalekto ng wikang Sambal.

KEYWORDS: *Wikang Sambal, Pagsusuri ng Wika, Leksikograpiyang Sambal*

I. INTRODUCTION

Bawat bansa saang panig ka man ng mundo ay mayroong sariling wikang ginagamit. Mayroong Arabic sa Middle East, English sa United State of America, Latin sa South America at Filipino naman dito sa Pilipinas. Ang pagkakaroon ng sariling wika ay isang mahalagang instrumento ng komunikasyon, nagpapalaganap ng kaalaman, pagbubuklod ng isang bansa at lumilina ng malikhaing pag-iisip.

Ang ating wika ay may iba't-ibang barayti gayundin sa iba pang bansa na nagiging sanhi ng pagkakaiba ng lipunan na ating ginagalawan, heograpiya, antas ng edukasyon, okupasyon, edad, at kasarian at uri ng pangkat etniko na kinabibilangan. Sa pag-aaral na ito ay pagtutuunan ng pansin ang barayti ng wika na nalilikha ang dimensyong heograpiya o tinatawag na dayalek o dayalekto.

Ang bawat kapuluan ng Pilipinas ay mayroong partikular na dayalekto na ginagamit. Ilonggo sa Ilo-Ilo, Chavacano sa Zamboaga, Ilocano sa Ilocos Region, Pangasinense sa Pangasinan, Kapampangan sa Pampanga, Bicolano sa Bicol Region, Tagalog sa Manila at iba pang Rehiyon sa Katagalugan, Bisaya sa Cebu, Zambal sa Zambales, at Kankanaey sa Mountain Province.

Ang Sambal ay isang lokal na wikang partikular na ginagamit sa bansa. Ang Sambal (Kastila: zambal) ay isang wikang Sambaliko na pangunahing sinasalita sa lalawigan ng Zambales sa Pilipinas. Kasalukuyan itong may 102,867 mananalita. May mga itinuturing na dayalekto ang Wikang Sambal: Sta. Cruz, Tina, Botolan, Manganchi, at Ambala. Ginagamit ang Sambal-Sta. Cruz sa bayan ng Sta. Cruz, Sambal-Tina sa mga bayan ng Candelaria, Masinloc, Palauig, at Iba. Sambal-Botolan at Manganchi naman sa bayan ng Botolan at Ambala sa ilang bahagi ng San Marcelino, Zambales. Mayroong uri ang wikang Sambal na ginagamit ng mga Aeta sa iba't-ibang bahagi ng kabundukan ng Zambales.

Ang unang uri ng Sambal ay tinatawag ring Tina, ang terminong ito ay unang ginamit noong mga panahong 1976 hanggang 1979 ng mga mag-aaral at mananaliksik mula sa Summer Institute of Linguistics (SIL). Ginamit ang Tina upang pangibabawin ang pagkakaiba nito sa wikang Sambal Botolan at Sambal Santa Cruz. Ayon sa mga unang gumamit ng salitang ito, hindi raw kinikilala ng mga Sambal ang terminong Tina. Sa kabila nito, ginamit pa rin nila ang Tina sa paglalathala ng kanilang mga akda. Sa kakulangan ng mga aklat patungkol sa wikang Sambal, at dahil na rin sa paglabas ng mga ito sa internet, ang inilathalang gawain ng mga mananaliksik at mag-aaral ng SIL ang siyang naging pangunahing batayan ng mga sumunod na mga pag-aaral ng wikang Sambal. Ito ang naging dahilan upang kumalat ang paggamit sa terminong Tina. Sa kabila ng lahat, maraming mga Sambal ang hindi tumatanggap nito. Ang pagtataguring Tina sa wikang Sambal o sa mga gumagamit ng wikang Sambal ay itinuturing na pang-aasar o panunukso sa mga mamamayang Sambal.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na masagot ang mga sumusunod na katanungan na may kinalaman sa wikang Sambal: (1) malaman ang mga propayl ng mga tagatugon. (2) mangalap ng mga salitang Sambal na mula sa iba't ibang dayalekto nito na magkakapareho ng kahulugan. (3) mauuri ang mga salitang sambal na mula sa iba't ibang dayalekto nito na magkakapareho ng kahulugan?

Mahalagang malaman ang pagkakaiba at pagkakapareho ng paraan ng pagsasalita ng mga taong nagsasalita ng wikaing matatagpuan sa isang lugar bunsod ng pakikipagtalastan o sosyalisasyon (Sapir; Labov). Matukoy rito ang mga posibling pinagmulan sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa pagkakapareho at pagkakaiba ng wikang ito. Isang katotohanan rin na nagbabago ang isang wika sanhi ng pagkabuo ng sitwasyong heograpikal, sosyal, o maging ng sariling estilo ng ispiker sa pagsasalita. Mula sa pananaliksik ni Bateria (2017)

Ayon kay Fishman sa pagbanggit ni Bateria (2017) sa kabila na ang mga tao ay may iba't ibang paraan ng pagamit ng wika ito ay magiging daan upang mapagsama-sama sa iba't ibang paraang panlinggwistiko at panlipunan aspekto ang mga tao sa lipunan o pamayanan. Dahil sa pinagsasaluhang wika, napagsama-sama rin ang mga tao batay sa wikang kanilang ginagamit. Mula sa pahayag na ito ay nabuo ang ideya ukol sa iba't ibang anyo ng wika na nagkakaroon ng varyabilidad -- ang heyograpiko at ang sosyal na pagkakahati na matatagpuan sa isang komunidad lamang. Sanhi ng hating o dimensyong heyograpiko ang pagkakabuo ng tinatawag na varayting **dayalekto o wikain**.

Mahalaga rin ang ganitong uri ng pag-aaral lalo na sa mga lokal na resedente sapagkat ito ay magsisilbing unang magiging hakbang upang mas malalim na mapag-aralan ang lokal na wika ng Zambales, ang Sambal.

II. METHODOLOGY

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwanlitatibo na pamamaraan at deskriptibo naman ang disenyo na kung saan ang mananaliksik ay nagbigay ng talatanungan sa mga taga tugon upang makakalap ng mga salitang magkakapareho ng kahulugan ngunit magkakaiba ng katawagan sa iba't ibang dayalekto ng wikang sambal.

Ipinakikita sa unang kahon ang mga suliranin katulad ng: propayl ng mga tagatugon, mga salitang sambal na magkakapareho ng kahulugan ngunit magkakaiba ng katawagan, pag-uuri ng mga salitang sambal n amula sa iba't ibang dayalekto na magkakapareho ng kahulugan. Sa ikalawang kahon ipinapakita ang pamamaraang ginamit ng mga mananaliksik tulat ng paggamit ng talatanungan, at mga istatistikang pamamaraan. Ang panghuling kahon ay naglalamang ng inaasahang bunga ng pananaliksik na ito na Mauri ang mga salitang mula sa dayalekto ng Wikang Sambal na magkakapareho ng kahulugan.

Sa pagpili ng mga tagatugon ginamit ng mga mananaliksik ang gabay na ibinigay ng Komisyon sa Wikang Filipino tulad ng mga sumusunod: (1) Rekomendado ng mga namumundò. (2) Pinanganak at naninirahan sa komunidad nang hindi bababâ sa 15 taon. (3) Magkaroon ng dalawa o tatlong informant sa bawat paksa. (2) Magkaroon ng informant sa iba't ibang edad: (14–25, 35–50, 55 o mas mataas) depende sa paksa.

Ang ginamit sa pangangalap ng datos ay sa pamamagitan ng talatanungan. Ito ay ibinigay sa mga tagatugon at ipinasagot upang makalikom ng mga salitang sambal sa iba't ibang dayalekto nito na magkakapareho ng kahulugan. Ang instrumento ay binubuo ng dalawang bahagi. Ang una ay ang propayl ng mga tagatugon at ang ikalawang bahagi ay pagbibigay ng mga salitang katumbas sa dayalektong kanilang sinasalita mula sa Wikang Filipino.

Ibinatay ang paggawa ng talatanungan sa pamamaraang ginamit ni Bateria (2017) sa kanyang pananaliksik na may titulong “Varyasyong Leksikal ng mga Wikaing Bagobo -Tagabawa, Giangan at Obo-Manobo ng Lungsod Davao: Pokus sa Dimensyong Heyograpikal” Ang mga mananaliksik ay gumawa ng listahan ng mga salita ng mga posibling ginagamit sa pang-araw-araw gamit ang wikang Sambal na magsisilbing basehan ng ginawang hambingan ng mga salita sa mga wikain. Ito rin ang nagsisilbing gabay sa ginawang pagpapasagot sa mga tagatugon.

Mula sa nagawang talatanungan, ang mga mananaliksik ay nakisuyo sa mga kamag-aral upang magpasagot sa mga tagatugon. Dahil sa patuloy na paglaganap ng COVID 19, napagkasunduan ng mga mananaliksik na hindi na pisikal na magtungo sa lugar ng mga tagatugon kung kayat humantong sa pakikisuyo sa kamag-aral.

Ang mga konsedirasyong etikal ay isinagawa ng mga mananaliksik upang maayos na maisagawa ang pangangalap ng datos katulad ng pagbibigay ng liham sa mga kapitan ng barangay at mga tagatugon.

Ang mga datos na makakalap ay hinimay-himay at ginawan ng talahanayan upang maihanda sa interpretasyon ang pag-analisa ng mga ito simula sa unang bahagi. Nagkaroon ng paglalalahad ng mga nakalap na salitang lahoc sa ikalawang bahagi. Ito ay mga salitang nakolekta mula sa mga tagatugon na mga salitang magkakaiba sa dayalekto ng wikang Sambal na magkakapareho ng kahulugan. Sa ikatlong bahagi, nagkaroon ng pag-uuri sa mga salitang nakolekta upang matukoy kung saan nagkakaiba-iba ang mga ito.

Upang matiyak ang katumpakan at pag-uuri ng mga nakalap na salitang lahoc sa pag-aaral, muli itong pinabasa sa mga tagatugon upang maglakip ng lagda kung sila ay sumasang-ayon sa naging resulta ng pag-aaral.

III. RESULTS AND DISCUSSION

Propayl ng mga tagatugon

Sa kabuuang tatlong (30) mga tagatugon, labing walo (18) o animnapung bahagdan ang babae at labindalawa (12) o apatnapung bahagdan naman ang mga lalaki. Labing-isa (11) o ay nabibilang sa edad 60 pataas. Dalawa (2) naman ang nabibilang sa mga edad na 56-60, 51-55, at 46-50. Labintatlo (13) ang nabibilang sa edad 40 pababa.

Mga salitang sambal na mula sa iba't ibang dayalekto nito na magkakapareho ng kahulugan

Mula sa mga sagot mga tagatugon, nakakalap ng siyamnapung (90) mga salitang lahoc na mula sa iba't ibang dayalekto ng wikang Sambal na magkakapareho ng kahulugan.

KATEGORIYA	FILIPINO	MAG DAYALEKTO NG WIKANG SAMBAL		
		STA. CRUZ	TINA	BOTOLAN
PAGKAIN	Sitaw	Amtak	Antak	Utong
	Sampalok	Salumagi	Sampalok	Sampalok
	Luya	Laya	Laya	Laiya
	Mangga	Manggas	Mangga	Mangga
	Kakanin	Kakanun	Kakanen	Kakanin
PANDIWA	Maligo	Malyo	Malyu	Maliyo
	Maglaro	Miikap	Meikap	Magdagaw
	Tumayo	Umdong	Meireng	Mireng
	Umupo	Tumuklo	Meknu	Mikno
	Sumayaw	Dumokdok	Bumayle	Ampaghayaw
LUGAR	Bayan	Babali	Babale	Banowa
	Simbahan	Simbawan	Simbahan	Himbaan
	Paaralan	Eskwelahan	Eskwelahan	Eskwelahan
	Ilog	Kabatwan	Ilog	Kabatuwan
	Bukid	Butlaybwat	Buwat	Paliyan
GAMIT SA BAHAY	Damit	Aysing	Dolo	Dolo
	Kumot	Ulos	Ile	Uweh
	Itak	Sundan	Beneg	Etak
	Upuan	Tutukluan	Iknuan	Bangko
	Lamesa	Lamesawan	Lamesawan	Lamesawan
HAYOP	Kalabaw	Damulag	Damulag	Damwag

	Daga	Ibot	Balake	Baki
	Ahas	Ulay	Ulay	Utang
	Palaka	Talakba	Talakba	Pahinga
	Kambing	Kanding	Kanding	Kanding
PANGALAN NG TAWAG SA TAO	Lola	Inang	Papu babaye	Indo
	Lolo	Manong	Papu lalake	Bapa
	Ina	Indo	Inay	Inang
	Ama	Amang	Tatay	Tatang
	Ate	Kaka	Kakay	Kaka babaye

Pag-uuri mga salitang sambal na mula sa iba't ibang dayalekto nito na magkakapareho ng kahulugan

MAGKAKAIBANG ANYO

Sa kabuuang siyamnapu (90) na salitang sambal, apatnapu't walo (48) ay nabibilang sa magkakaibang anyo sa lahat ng dayalekto.

FILIPINO	MAG DAYALEKTO NG WIKANG SAMBAL		
	STA. CRUZ	TINA	BOTOLAN
Sitaw	Amtak	Antak	Utong
Maglaro	Miikap	Meikap	Magdagaw
Tumayo	Umdong	Meireng	Mireng
Umupo	Tumuklo	Metnu	Ampagbayaw
Sumayaw	Dumokdok	Bumayle	Magtalek
Simbahan	Simbawan	Simbahan	Himbaan
Ilog	Kabatwan	Ilog	Kabatuwan
Bukid	Butlaybwat	Buwat	Paliyan
Kumot	Ulos	Ile	Uweh
Itak	Sundan	Beneg	Etak
Upuan	Tutukluan	Iknuan	Bangko
Daga	Ibot	Balake	Baki
Lola	Inang	Papu babaye	Indo
Lolo	Manong	Papu lalake	Bapa
Ina	Indo	Inay	Inang
Ama	Amang	Tatay	Tatang

MAGKAKAIBA SA ISA O DALAWANG PONEMA

Sa kabuuang siyamnapu (90) na salitang sambal ang labingwalong (18) salita ay nabibilang sa salitang magkaiba ang isa o dalawang ponema.

FILIPINO	MAG DAYALEKTO NG WIKANG SAMBAL		
	STA. CRUZ	TINA	BOTOLAN
Kakanin	Kakanun	Kakanen	Kakanin
Maligo	Malyo	Malyu	Maliyo

Bayan	Babali	Babale	Banuwa
Kalabaw	Damulag	Damulag	Damwag
Ahas	Ulay	Olay/ulay	
Ate	Kaka	Kakay	Kaka

MAGKAKAPAREHONG ANYO

Sa kabuuang siyamnapu (90) na salitang sambal ang anim (9) na salita ay nabibilang sa mga salitang magkakapareho ang anyo.

FILIPINO	MAG DAYALEKTO NG WIKANG SAMBAL		
	STA. CRUZ	TINA	BOTOLAN
Paaralan	Eskwelahan	Eskwelahan	Eskwelahan
Kambing	Kanding	Kanding	Kanding
Lamesa	Lamesawan	Lamesawan	Lamesawan

MAGKAKAPAREHONG ANYO SA ILANG SALITA AT MAGKAIBANG ANYO SA ILANG SALITA

Sa kabuuang siyamnapu (90) na salitang Sambal, walo (8) sa mga ito ay magkapareho sa mga ilang salita Tina at Sta. Cruz, anim (6) sa mga ito ay magkapareho sa mga ilang salitang Tina at Botolan at ang pito (7) ay magkakaiba ang anyo sa ilang mga salita Sambal.

MAGKAKAPAREHONG ANYO SA ILANG SALITA			
FILIPINO	MAG DAYALEKTO NG WIKANG SAMBAL		
	STA. CRUZ	TINA	BOTOLAN
MAGKAPAREHO ANG ANYO SA MGA ILANG SALITA (TINA at STA. CRUZ)			
Luya	Laya	Laya	
Palaka	Talakba	Talakba	
Kalabaw	Damulag	Damulag	
Ahas	Ulay	Ulay	
MAGKAPAREHO ANG ANYO SA MGA ILANG SALITA (TINA at BOT OLAN)			
Sampalok		Sampalok	Sampalok
Mangga		Mangga	Mangga
Damit		Dolo	Dolo
MAGKAIBANG ANYO SA ILANG SALITA			
FILIPINO	MAG DAYALEKTO NG WIKANG SAMBAL		
	STA. CRUZ	TINA	BOTOLAN
MAGKAKAIBANG ANYO SA MGA ILANG SALITA			
Sampalok	Salumagi		
Luya			Laiya
Mangga	Manggas		
Kalabaw			Damwag
Damit	Aysing		
Ahas			Utan
Palaka			Pahinga

IV. CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Batay sa buod na kinalabasan ng pag-aaral, ang mananaliksik ay humantong sa pagbuo ng konklusyon tulad ng mga sumusunod: Ang mga tagatugon ay tipikal na mga babae na nabibilang sa edad na apatnapu pababa. Ang mga salita sa wikang Filipino ay mayroong katumbas na mga salita sa dayalektong Sambal-Sta. Cruz, Sambal-Tina, at Sambal-Botolan. Ang mga salita sa mga dayalekto ng wikang Sambal na magkakapareho ang kahulugan ay maaaring mauri sa mga sumusunod: (1) Magkakaiba ang Anyo (2) Magkakaiba sa isa o dalawang ponema (3) Magkakaparehong anyo (4) Magkakaparehong anyo sa ilang salita at (5) Magkakaibang anyo sa ilang salita.

Batay sa nakalap na buod ng kinalabasan ng pag-aaral at konklusyon, ang mananaliksik ay nagbibigay ng kaukulang mungkahi: Nararapat na maging malay ang mga lokal na residente sa pagsasalita ng dayalekto ng wikang Sambal upang maisaalang-alang ang pagkakaiba-iba ng mga salitang ginagamit sa isang partikular na lugar. Mahalagang malaman ng mga lokal na residente kung paano nauuri ang dayalekto ng wikang Sambal upang maisaalang-alang ang paggamit ng mga ito. Magpalimbag ng mga sangguniang aklat katulad ng mga diksyunaryo at glosaryo upang makatulong na malaman ang mga katumbas na salita mula sa isang dayalekto tungo sa isa pang dayalekto ng wikang Sambal. Ipinapayong gamiting batayan ng mga mananaliksik sa lokal na wika ang pananaliksik na ito upang magsilbing sanggunian. Hinihikayat ang mga mananaliksik ng wika na magsagawa ng mga pananaliksik na mas malalim na sinusuri ang varyasyon ng mga dayalekto ng wikang Sambal.

REFERENCES

- [1]. Bateria, L.L. 2017. Varyasyong Leksikal ng mga Wikaing Bagobo -Tagabawa, Giangan at Obo-Manobo ng Lungsod Davao: Pokus sa Dimensyong Heograpiikal. <https://www.msuiit.edu.ph/academics/colleges/cass/research/langkit/2017/Article%204.pdf>
- [2]. Chavez, M. (2016) Kahulugan ng dayalek at idyolek. <https://www.slideshare.net/MoroniChavez/kahulugan-ng-dayalek-at-idyolek-63483580>
- [3]. Cobrador, Y. (2016) Heograpiikal, morpolohikal, at ponolohikal na varayti ng Wika. <https://www.slideshare.net/yencobrador/heograpiikal-morpolohikal-at-ponolohikal-na-varayti-ng-wika>
- [4]. Espejo, R. V. 2017. Pagbuo ng Panimulang Glosaryo ng Mga Salitang Pantabangan (*Preparing a Preliminary Glossary of Pantabangan Words*)
- [5]. Fishman, J. 1970. *Sociolinguistics*. Newsbury House Publishing Inc.
- [6]. Jumadas, A.S. et. al (2017) Mapanuring paghahambing sa ponolohiya, morpolohiya at sintaksissa piling wikain ng pilipinas. <https://www.coursehero.com/file/73312506/MAPANURING-PAGHAHAMBING-SA-PONOLOHIYA-MOdocx/>
- [7]. Liwanag, L.B. (2011) Ang Pag-Aaral ng Varayti at Varyasyon ng Wika: Hanguang Balon sa Pagtuturo at Pananaliksik
- [8]. Macatabon, R.A at Calibayan, A.L.D. (2016) Varayti at Varyasyon ng Wikang B'laan sa Bacong, Tulunan, Hilagang Cotabato at Lampitak, Tampakan, Timog Cotabato, Philippines
- [9]. Meyerhoff, M. (2011). *Introducing Sociolinguistics*. The Routledge: Oxon, Oxford.
- [10]. Nuncio V. R. et. al. (2020) Pagsipat sa Leksikal na Baryasyon ng mga Terminong Filipino, Bikol, at Cebuano sa Kontekstong Panginabuhian/Pangkabuhayan. https://www.researchgate.net/publication/345990525_Pagsipat_sa_Leksikal_na_Baryasyon_ng_mga_Terminong_Filipino_Bikol_at_Cebuano_sa_Kontekstong_PanginabuhianPangkabuhayan_Analyzing_the_Lexical_Variation_of_Filipino_Bicol_and_Cebuano_Terms_within_the_Co
- [11]. Rubrico, J.G. 2009. "Language and Culture Brief." http://www.languageinks.org/teaching/lecturenotes/lecturenotes_language_and_culture.pdf
- [12]. Santos, A. L., Hufana, N. L., Magracia, E. B. (2009). Ang Akademikong Filipino sa Komunikasyon Teksbuk sa Filipino I Malabon City: Mutya Publishing House.
- [13]. Valencia, L. (2019) Varayti at Varyasyon ng Wika. <https://www.slideshare.net/lovelythegreat/varayti-at-varyasyon-ng-wika>
- [14]. Wiki Pilipinas (2021) Wikang Sambal. https://fil.wikipilipinas.org/view/Wikang_Sambal